VALG

IMPORMASYON

Filipino | Filippinsk

Halalan sa parlamento ng Norway 2017

Mahalagang impormasyon para sa mga botante

Ang ika-11 ng Setyembre ay Araw ng Halalan. Huwag kalimutang magdala ng ID!

VALGdirektoratet

Halalan para sa parlamento ng Norway 2017

Ang kapulungang pambansa, o parlamento, ng Norway ay tinatawag na Storting. Inihahalal ang 169 na kinatawan nito ng mga mamamayan ng Norway para sa apat na taong panunungkulan. Nirerepresenta ng mga kinatawang ito ang populasyon ng 19 na county. Ang pinakamahahalagang tungkulin ng Storting ay ang pagpapasa ng mga batas, pagpapasa sa pambansang badyet, at pangangasiwa sa gawain ng pamahalaan.

Tumulong na pagpasyahan kung sino ang kakatawan sa inyo sa Storting sa loob ng susunod na apat na taon. **Gamitin ang boto mo!**

Makakakuha ka sa brochure na ito ng impormasyon tungkol sa dapat gawin.

Ang Araw ng Halalan ay sa Lunes, Ika-11 ng Setyembre 2017.

Maraming munisipyo din ang magdaraos ng eleksyon sa Linggo, Setyembre 10. Ipapaalam sa iyo ng munisipyo mo kung idaraos ba ang eleksyon sa parehong araw, o sa isang araw lang.

Huwag kalimutang magdala ng ID kapag bumoto ka!

Alinsunod sa Norwegian Representation of the People Act, maaaring atasan ng mga opisyal ng botohan ang sinumang botante na hindi nila makikilala na magbigay ng katibayan ng pagkakakilanlan. Tinatanggap ang pasaporte, lisensya sa pagmamaneho, o bank card na may larawan ng may-ari ng card bilang **katibayan ng pagkakakilanlan**, pero pwede ka ring gumamit ng iba pang uri ng ID. Ipinapakita dapat sa katibayan ng pagkakakilanlan ang pangalan, petsa ng kapanganakan at larawan ng botante.

Kung kasalukuyan kang naninirahan sa isang institusyon, gaya ng nursing home, ospital, o kulungan, maaari mong ipakumpirma ang pagkakakilanlan mo sa isang empleyado ng institusyon.

Papadalhan ang bawat botante ng polling card

Nakasaad sa card na ito ang impormasyon tungkol sa kung saan at kung kailan ka maaaring bumoto sa Araw ng Eleksyon. Hindi mo kailangang dalhin ang polling card mo kapag bumoto ka, pero maaari kang makatipid ng oras kapag dinala mo ito. Ang polling card ay *hindi* tinatanggap na katibayan ng pagkakakilanlan.

Sino ang maaaring bumoto?

Ang mga mamamayan lang ng Norway na mahigit 18 taong gulang na (o magiging 18 taong gulang sa taon ng eleksyon) ang mayroong karapatan na bumoto sa eleksyon para sa parlamento. Dapat ay nakarehistro, o nairehistro, ang bawat botante bilang residente sa Norway.

Saan at kailan ka maaaring bumoto?

Sa Araw ng Halalan
dapat kang bumoto sa munisipyo kung saan ka nakarehistro bilang residente mula nang ika-30 ng Hunyo, 2017. Pwede kang bumoto sa anumang istasyon ng botohan sa munisipyo. Tingnan ang mga larawan sa susunod na pahina na nagpapakita sa kung paano bumoto sa Araw ng Eleksyon.

Maaari kang bumoto nang maaga
mula sa ika-1 ng Hulyo hanggang ika-8 ng Setyembre sa anumang munisipyo.

Kung boboto ka sa isang munisipyo sa labas ng county kung saan ka residente, bibigyan ka ng balota na may mga pangalan ng mga nakarehistrong partidong pulitikal pero walang pangalan ng kandidato. Dapat mong lagyan ng ekis (o isulat) ang pangalan ng partido/pangkat na gusto mong iboto. Pwede ka ring kumuha ng balota sa iyong county at gamitin iyon kung gusto mong gumawa ng mga pagbabago.

Kung mayroon kang sakit o kapasanan, maaari kang humiling sa munisipyong para makaboto nang maaga sa bahay. Ipapaalam sa iyo ng munisipyo kung saan at kung kailan ka pwedeng bumoto.

Paano bumoto sa Araw ng Halalan



1) Kunin ang balotang gagamitin mo.



2) Gawin ang anumang gusto mong pagbabago sa balota (tingnan ang mga tagubilin sa susunod na pahina).



3) Itupi ang balota sa paraang maitatago ang pangalan ng partido, pero nakikita pa rin ang espasyong tatatakan. Sa ganitong paraan, walang makakakita sa boto mo. Hindi dapat isilid ang balota sa anumang uri ng sobre o pambalot.



4) Lumapit sa isang opisyal ng botohan at patatakan ang balota mo sa labas. Dapat matatakan ang balota mo para magkaroon ito ng bisa



5) Isilid ang natatakang balota sa ballot box.

Paano gumawa ng mga pagbabago sa balota

Ikaw ang magpapasya kung gagawa ka ng mga pagbabago sa balota. Kung hindi ka gumawa ng mga pagbabago, binoboto mo ang mga kandidato ayon sa pagkakasunud-sunod nila sa balota.

Para magkaroon ng anumang epekto sa eleksyon ang mga nagawa mong pagbabago sa balota, dapat gawin ang mga parehong pagbabago sa tabi ng parehong pangalan ng kandidato ng mahigit kalahati ng mga botante sa county na bumoto sa partido/pangkat na iyon.

Nakasaad din sa balota ang impormasyon tungkol sa kung paano gumawa ng mga pagbabago.

Paano gumawa ng mga pagbabago sa balota:


Parti
Stortingsvalget
Nr
Kandidat
Kandidat
Kandidat

Sino ang ihahalal?

May nakatalagang hindi nagbabagong bilang ng mga puwesto ng kinatawan para sa bawat county sa Storting (parlamento). Kapag nabilang na ang mga boto, itatalaga ang mga puwestong ito sa mga partido/pangkat sa county. Pagkatapos, maaari nang malaman kung sinu-sinong kandidato ang nakatanggap ng mga puwesto sa parlamento. Kapag nagawa na ito ng county, ipapadala ang kinalabasan ng eleksyon mula sa county sa pambansang komite para sa eleksyon, na magkakalkula sa kung sinu-sinong kandidato ang makakatanggap sa mga puwestong pangpatas (may nakatalagang 19 na puwesto upang higit na maugma ang mga kinatawan ng mga partido sa Storting sa bilang ng mga botong natanggap nila). Sa bawat county, isang kandidato ang makakatanggap ng puwestong pangpatas. May 169 na kinatawan sa kabuuan na mahahalal sa Storting.

Makakakuha ng karagdagang impormasyon sa www.valg.no



Inilathala noong 2017 ng Norwegian Directorate of Elections
Makukuha ang lathalaing ito sa Norwegian (bersyong bokmål at nynorsk), Sami, at sampung banyagang wika.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa eleksyon, pumunta sa **www.valg.no**